DAIGIN ANG BAHA

(Pagtagumpayan ang Kahirapan at mga Hamon)

A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Fr. Sedfrey Nebres, SVD

Oktubre10, 2026

Ang kwento ni Noe ay nakasentro sa malaking baha (Genesis 9). Lahat ay nakaka-relate sa baha dahil nangyayari ito taon-taon. Ito ay dulot ng malalakas na pag-ulan at nagdudulot ng takot at pagkabalisa. Ang pagbaha ay matinding banta sa pamilya, ari-arian, at walang katiyakan ng pagbangon. Gayundin, sa ating paglalakbay bilang Kristiyano, napapalayo tayo sa Diyos kapag tayo ay nalulunod sa kasalanan. Bunga nito nasusumpungan natin ang ating sarili na nalulunod sa kadiliman. Subalit, ang dakilang patunay ng pagmamahal ng Diyos sa sangkatauhan ay ang pag-aalay kay Hesus sa krus upang iligtas ang Kanyang bayan mula sa kapahamakan. Bilang mga alagad ni Hesukristo, mapagtatagumpayan natin sa matalinhagang paraan ang mga baha sa pamamagitan ng pagpapahayag at pagsasabuhay sa salita at sa gawa.

1. **Ano ang mga sanhi ng "Baha?"**
   - 1.1. Ang KASAKIMAN AT PAGIGING MAKASARILI ang sanhi ng baha gaya ng mga pulitiko na nagnanakaw ng pera para sa imprastraktura na sana ay magpapabuti sa buhay ng mga tao. Gayundin, kapag nilalamon tayo ng kasakiman at pagka-makasarili, isang malaking "baha" ang nangyayari at napapalayo tayo sa Diyos.
   - 1.2. Ang pagiging walang PAKIALAM sa mga problema at paghihirap ng ibang tao ay sumisira sa ugnayan sa loob ng pamilya at komunidad. Kapag tayo ay nalulunod sa kawalang-pakialam, nawawala sa ating paningin ang pagiging Kristiyano dahil hindi natin pinapansin ang paghihirap ng iba.
   - 1.3. Kapag tayo'y binabaha ng maraming "BASURA" sa ating puso at isipan, nahahadlangan tayo na maranasan ang biyaya ng Diyos at maibahagi ito sa iba. Dahil dito, nagiging miserable ang buhay at walang kabuluhan dahil hindi makapasok ang biyaya ng Diyos sa ating buhay.
2. **Mga Resulta ng "Baha"**
   - 2.1. Kapag tayo ay manhid o makasarili, nagiging sanhi tayo ng PAGDURUSA NG IBANG TAO. Kapag ninanakawan natin ang ating kapwa ng mapagkukunan, pagkakataon, o maging ang kanilang dangal, nagdudulot tayo sa kanila ng pagdurusa. Bukod dito, kapag ganito ang ginagawa natin, ito ay isang tiket papuntang impiyerno dahil kabaligtaran ito ng pag-ibig at kautusan ng Diyos.
   - 2.2. Ang kawalan ng malasakit ay nagdudulot ng PAGKAKABUKOD – una sa sarili, at kasunod sa taong pinagkaitan nito. Ang isang magulang na hindi sensitibo sa problema ng anak ay maaaring makaranas ng pangungulila.
   - 2.3. Ang pagka-makasarili ay maaaring magdulot ng malaking perwisyo.
3. **Ang taong nalulunod sa sarili niyang baha ay hindi makasusulong sa pananalig, pag-asa at pag-ibig** (1Cor.13:13).
   - 3.1. Ang pananalig na walang gawa ay hindi ganap (Sant.2:26).
   - 3.2. Ang isang taong nalulunod ay hindi kayang ibahagi si Kristo sa kapwa.
   - 3.3. Ang pag-ibig na ibinibigay ni Kristo ay pag-ibig na nagbibigay sa sarili, ngunit ang taong nalulunod sa kasakiman ay hindi marunong magmahal.
4. **Si Noe at ang kwento ng baha**. Ang kwento ay hindi nagsimula sa baha ngunit sa kasakiman at kayabangan ng tao. Bago pa man dumating ang baha, ang mga tao ay namamatay na dahil ang kanilang mga puso ay lumalayo na sa Diyos kaya, habang nalulunod sila ng kasakiman, dumating ang malaking baha. Kahit ilang beses sinira ng sangkatauhan ang pananalig, ninais pa rin ng Diyos na bigyan sila ng pagkakataon sa pamamagitan ng arko na itinayo ni Noe.
5. **Ang hamon sa atin ay ang "alisin ang baha, linisin ang "lason" sa ating puso at isipan.**
   - 5.1. Angkinin natin ang paanyaya ni Kristo tungo sa kalayaan. Inaanyayahan tayo ng Panginoon na magkaroon kalayaang nagpapahintulot sa atin na pumailanlang nang mataas at upang maging malaya. Ang ating layunin bilang alagad ay mahusay na pagsasabuhay ng ating pagkakakilanlan bilang mga Kristiyano; Malaya nating naipahahayag ang ating sarili sa salita at sa gawa dahil alam natin na namumuhay tayo sa katotohanan. Ang pananampalataya ay hindi lang pinapahayag, ito ay isinasabuhay.
   - 5.2. Posible ang PANANAMPALATAYA, PAG-ASA AT PAG-IBIG kung palalayain natin ang ating mga sarili mula sa lahat ng kalat na lumulunod sa atin. Manalangin tayo sa biyayang maging matapat sa pananampalataya sa gitna ng mga kasamaan sa mundo.

KONKLUSYON: Sa pamamagitan ng ating komunidad, hawak-kamay tayong pumailanlang nang mataas at maging malaya.

PAGNINILAY: Saan ka nalulunod ngayon? Ano ang mga basura sa iyong buhay na pumipigil sa iyo upang sumulong at maabot ang iyong buong potesyal.

SCRIBES Ministry
Isinalin ni: ThessP.Sarmiento
Na-Edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #KASAKIMAN, #KAWALANG-PAKIALAM, #PANANAMPALATAYA, #PAG-ASA, #PAG-IBIG
https://lordsflock.org/teachings/digests/